

Ang pagtatapon ng malakihang basura ay depende sa patakaran ng bawat syudad o bayan

## Isang krimen ang maling pagtatapon

# Malalaking Basura

May malalaking basura kapag naglinis ng bahay sa pagtatapos ng taon, kung naglipat-bahay o bumili ng bagong kasangkapan. Isang krimen ang maling pagtatapon ng basura kaya dapat sumunod sa alituntunin. Alamin kung ano ang puwedeng tawaging malaking basura at kung paano ang pagtapon nito.

### Anu-ano ang malalaking basura?

Malaking basura: nasusunog na basura 30 cm o higit pa, hindi nasusunog na basura 50 cm o higit pa, o basura na mas malaki pa sa lata na 18 litro (24 cm x 24 cm x 35 cm).

Subalit may mga basurang hindi kinokolekta kagaya ng mga sumusunod:

<b>Malalaking consumer electronics</b>	Gas cooker (alisin ang batteries), bentilador, oil heater, microwave oven, vacuum cleaner, malaking health appliances, videotape recorder, oil stove (alisin ang langis at batteries)
<b>Malalaking kasangkapan</b>	Chest of drawers, kama, upuan, sofa, PC rack, folding chair, malaking plastic container ng paliguan, carpet, malaking clothes chest at iba pa
<b>Mga iba pa</b>	Clothes pole, kumot, baby carriage, sports goods, tipak na kahoy at ibp. Bisikleta (lagyan ng may nakasulat na ito ay sira) kung magtatapon. Hindi ito kokolektahin kung walang tag na nakasulat.

### Tamang paglabas ng malalaking basura

<b>Fujimi-shi</b>	(1) Kung magtatapon ng malaking basura, tumawag sa city hall recycle center o mag-apply sa internet. Puwedeng magtapon ng hanggang 6 na basura sa isang beses. Iba-iba ang singil depende sa klase ng basura (2) Puwedeng dalhin sa environmental center ang malaking basura. Tumawag sa Environmental Division ng city hall para malaman kung kailan maaaring dalhin ang basura. Ang bayad ay ¥250 bawat 20 kg. at karagdagang bayad na ¥250 sa kada 20 kg na labis na timbang.	
<b>Fujimino-shi</b>	2 basura sa isang beses	Kasalukuyang kinokolekta ng walang bayad. Ilagay lamang sa takdang lugar, sa takdang araw at oras
<b>Miyoshi-machi</b>	1 basura sa isang beses	

### Hindi kinokolekta bilang malaking basura ang mga sumusunod:

- **May batas ukol sa recycling:** Air conditioner, TV, refrigerator, washing machine, PCs, etc.
- **Delikado o mapanganib na bagay:** Gasolina, kemikal na gamot sa pagtanim, gas bomb, delikadong gamot at iba pa
- **Mga bagay na mahirap i-proseso:** Semento, batteries, sasakyan, motorcycle at motor parts, malaking kahoy, construction waste materials, at iba pa. Para sa blocks, lupa at mga bato, ang nagbebenta ang siyang mag-aayos. Para sa detalye, komunsulta sa Environmental Division ng bawat city hall.

\*Environmental Division, Fujimi-shi (049-251-2711) \*Environmental Division, Fujimino-shi (049-262-9022) \*Environmental Division, Miyoshi-machi (049-258-0019)

Pag-iwas sa influenza at norovirus -- Bakuna at paghugas ng kamay

Panahon na ng taglamig at napag-uusapan na naman ang influenza at norovirus. Lalo na at mas dumami ng 4 na beses ang nagka-influenza nung isang taon. Ang tumaas na bilang ng pasyente sa Saitama ay naging ikatlo sa buong bansa.

Kapag merong flu, biglaang nilalagnat, nilalamig, masakit ang ulo at masakit ang lalamunan. Karaniwang sanhi naman ng norovirus ang pagkain ng hilaw na shellfish tulad ng oysters. Mahirap magkasakit nito na kadalasan ay kung taglamig. Pumunta na sa ospital kung makaramdam ng grabeng pagsusuka, pagtatae at pananakit ng tiyan dahil mga sintomas na ito. Ang palagiang paghugas ng kamay ay epektibo sa pag-iwas sa mga sakit na ito.

(1) Hugasan ng sabon ang kamay bawat pagkakataon (2) Magbanlaw ng maigi sa dumadaloy na tubig (3) Punasan ang kamay at patuyuin.

Pag-iwas

- **Norovirus:** Huwag kumain ng hilaw na oyster o clam. Initin ito ng 85 hanggang 90°C ng 2 minuto o higit pa.
- **Influenza:** Maiging magpabakuna. Ang mga matatanda ay isang beses habang ang mga bata ay dalawang beses . Ang singil sa matatanda ay ¥3000 pero iba-iba ang presyo depende sa ospital. Gumamit o magsuot ng flu mask para maiwasan ang pagkahawa. Dapat takpan ng kamay ang bibig at ilong kung inuubo o napapahatsing.



Makisaya sa FICEC sa Disyembre at Enero



**Paggawa ng soba sa Disyembre 22, (Huwebes) Mula 11:00 a.m. pagkatapos ng Japanese language class**

Sinuman ay maaaring sumali sa paggawa ng soba. Ngayong taon ay gagawa ulit tayo ng soba. Isa sa mga kaugalian ng mga Hapon ang kumain ng Toshikoshi-soba sa bisperas ng bagong taon. Maraming alamat ito gaya ng pag-iwas sa sakuna, mahabang buhay, o makaipon ng pera. Taun-taon kaming nagawa ng soba at nagnanais na sana tuloy-tuloy din ang pag-aaral at pagkatuto ng Nihongo. Sabay-sabay tayong gumawa ng soba ngayong taon. Libre ito!



**Pagsusulat ng unang calligraphy ng taon Enero 12 (Huwebes) Mula 11:00 a.m. pagkatapos ng Japanese language class**

Malaking sining ang calligraphy sa mga bansang gumagamit ng chinese characters. Sa Nihongo class ng FICEC, nagsasanay kami ng unang calligraphy ng taon sa pagsusulat ng characters sa pagbati ng bagong taon gamit ang writing brush bilang bahagi ng kulturang Hapon. Magandang karanasan para sa mga banyaga ang pagsusulat gamit ang writing brush. May kaugalian ang mga Hapon ng pagsasagawa ng mga bagay tuwing bagong taon. Isa dito ang unang calligraphy ng taon at ito ay isang importanteng ebento tuwing bagong taon.

Sarado ang FICEC mula Disyembre 29 (Huwebes) 2016 --Enero 3 (Martes), 2017